

Pahintulot (Permit) Ng Pagbebenta Muli

Simula sa Enero 1, 2010, ang mga negosyo/kalakal ay kailangang gumamit ng inilathalang pahintulot (permit) ng Department of Revenue kung mamimili ng kagamitan na ibebentang muli. Ang "reseller permit" (Pahintulot (permit) ng Pagbebenta muli)" ay papalit sa "resale certificate (Katibayan (Certificate) ng Pagbenta muli)."

Pagsasakatupara ng Pahintulot (Permit)

Awtomatiko kaming mag-iisyu/maglalabas ng unang round o yugto ng reseller permits (Pahintulot (permit) Ng Pagbebenta muli) sa karamihan ng mga negosyo batay sa kasaysayan ng kanilang pag-uulat ng buwis. Para sa mga negosyo na hindi kaagad makakakuha ng pahintulot (permit) maaaring mag-aplay ng deretso sa amin. Ang ibang mga negosyo ay hindi magiging karapat-dapat na makakuha ng pahintulot (permit).

Ang isang negosyo na walang pahintulot (permit) at bibili ng mga gamit para ibenta muli ay kailangang magbayad agad ng retail sales tax (buwis sa pagbebenta ng tingi). Pagkatapos magbayad ng buwis, maari itong ikaltas bilang "tax paid at source deduction" laban sa kanyang sariling ipinagbigay-alam na retail sales (tingi na mga benta) o maaaring humingi ng refund (pagsasuli ng ibinayad).

Paunawa

Sa Setyembre, ipagbibigay -alam sa mga negosyo kung sila ay makakatanggap ng pahintulot (permit) sa pamamagitan ng sulat. Ang hangganan ng bisa ng pahintulot (permit) ay depende kung kailan nagparehistro ang negosyo sa amin.

Ang mga negosyo na nagparehistro:

- ▶ bago ang Enero 1, 2009, ay makakakuha ng pahintulot (permit) na may bisa hanggang apat na taon.
- ▶ sa o pagkatapos ng Enero 1, 2009, ay makakakuha ng pahintulot (permit) na may-bisa hanggang dalawang taon at maaaring kumuha ulit ng bago para sa apat na taon.

Industriya ng Konstruksiyon

Mga espesyal o natatanging batas ang umiiral sa industriya ng konstruksiyon. Ang mga pahintulot (permit) para sa industriya ng konstruksiyon ay may bisa na labingdalawang (12) buwan o isang taon. Ang mga "qualified contractor" ay kailangang mag-aplay muli bawat taon at magbigay ng detalyadong impormasyon ukol sa mga biniling materyales at panahong iginugol sa pagtatrabaho o labor (trabaho).

Ibang Natatanging mga Industriya

Kami ay makikipagtulungan sa iba pang mga negosyo na kasalukuyang gumagamit ng resale certificates (Sertipiko/Katibayan ng Pagbenta muli) na may natatanging mga kalagayan na kailangang pagtuunan ng pansin. Maaaring kasama rito ang pagsasaka, telekomunikasyon, at samahan ng mga kalakal na hindi nagpapatubo (non-profit organization).

Mga Katanungan

Kung ikaw ay may mga tanong ukol sa reseller permit (Pahintulot (Permit) ng Pagbebenta muli), pakitawagan ang 1-800-647-7706, at puntahan ang aming web site sa dor.wa.gov/resellerpermit, o mag-email reseller@dor.wa.gov.

Pahintulot
(Permit) Ng
Pagbebenta Muli

Pagsasakatuparan

**Enero 1,
2010**

Iपालित सा
Katibayan Para
Magbentang
Muli (Resale
Certificate)



Department of
Revenue
Washington State